

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 05 ENERO 1998 , IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President, Pansamantalang Tagapangulo
Vice Mayor Jesus M. Dimapilis
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 001
Taong 1998

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY PNP SUPERINTENDENT AND PROVINCIAL DIRECTOR MARIANO CASTILLO BUSA NG MADALIANG PAGPALIT KAY POLICE INSPECTOR PEDRO ARANAS REYES, JR., HEPE NG PULISYA NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay namamayani sa ngayon ang mga iligal na gawain partikular ang lotteng at jueteng na nagdudulot ng kaguluhan sa mga tahanan at mga komunidad;

SAPAGKA'T ang lotteng at jueteng ay hindi lingid sa kaalaman ng mga tagapagpatupad ng batas sa bayang ito subali't sa takbo ng mga pangyayari ay walang magawa ang pamunuan ng himpilan ng pulisya sa pamumuno ni Police Inspector Pedro Aranas Reyes, Jr.;

SAPAGKA'T batay sa talaan ng Himpilan ng Pulisya ng Roxas, may mga ebidensyang nakalap na subali't hindi magawan ng karampatang aksyon para ito mapatigil;

SAPAGKA'T dahilan sa pagkagumon sa bisyong ito, maraming mamamayan ang napipilitang mangutang, magbenta ng pag-aari o magnakaw upang may maitaya lamang sa lotteng at jueteng;

SAPAGKA'T kapag ang mga ilegal na gawaing ito ay hindi mapapatigil, madaragdagan ang mga krimen at iba pang di kanais-nais na gawaing dulot nito na nakapagpapababa sa moral at pagkatao ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang kasalukuyang Hepe ng Pulisya ng bayang ito, Police Inspector Pedro Aranas Reyes, Jr. ay walang kakayahang magpatigil ng lotteng at jueteng at iba pang ilegal na gawain kaya't buong pagkakaisang ipinasya ng Sangguniang Bayang ito na mapitagang hilingin sa mga kinauukulan ang madaliang pagpapalit sa kanya bilang Hepe ng Pulisya ng bayang ito.

DAHIL DITO sa mungkahi sa Kagawad Ranulfo C. Bernal na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin kay PNP Superintendent at Provincial Director Mariano Castillo Busa ng madaliang pagpapalit kay Police Inspector Pedro Aranas Reyes, Jr. bilang Hepe ng Pulisya ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay PNP Superintendent at Provincial Director Mariano Castillo Busa, PNP Headquarters, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanyang maagap at naaayong pagpapasya.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si Kgg. Rodolfo G. Valencia, Punong Lalawigan ng Silangang Mindoro at Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Calapan, Silangang Mindoro, Kgg. Robert Z. Barbers, Kalihim, DILG, A. Franciso Gold Condominium II Bldg., EDSA cor. Mapagpamahal Streets, Diliman, Quezon City at PNP Chief, Director General Santiago Alino, Camp Crame, Quezon City para sa kanilang kaalaman at sanggunian.


Pinagtibay ng lahat.

Enero 05, 1998


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


EDUARDO G. VILLAMIN
ABC President/Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY:


GELACIO I. YASON
Punong Bayan